

Ang Dapat Mong Malaman Tungkol Sa Pag-inom Ng Mga Gamot sa Tuberkulosis?



Ang pagsusuri para sa TB ay isang payak na pagsusuri!

Paano isinasagawa ang pagsusuri?

Ginagamit ang isang maliit na karayom upang ipasok ang ilang materyal sa pagsusuri, tinatawag na tuberculin, sa ilalim ng balat ng iyong braso. Hindi ka magkakaroon ng TB mula sa materyal sa pagsusuri.

Pagkaraan ng 2 o 3 araw, kailangan mong bumalik at patingnan ang iyong braso sa isang tagaserbisyo ng pangangalagang pangkalusugan.

Ano ang kahulugan ng aking mga resulta?

Ang pagsusuri sa iyo ay maaaring “**positibo**” kung ikaw ay may maliit na bukol sa iyong braso. Susukatin ng isang tagaserbisyo ng pangangalagang pangkalusugan ang iyong bukol at ipapasiya kung positibo ang pagsusuri sa iyo. Kung ang pagsusuri sa iyo ay **positibo**, kailangan mo ng mga karagdagang

pagsusuri, tulad ng rayos-ekis (x-ray) ng dibdib, upang malaman kung ikaw ay may **impeksyon ng TB o sakit na TB**.

Ang pagsusuri sa iyo ay “**negatibo**” kung wala kang bukol sa iyong braso. Ito ay nangangahulugan na maaaring wala kang mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan. **PERO**, kung ikaw ay laging malapit sa isang taong may aktibong sakit na TB, maaaring kailanganin mong muling magpasuri.

- Ang pagsusuri ng balat para sa tuberkulosis ay ginagawa upang malaman kung ikaw ay may mga mikrobyo ng tuberkulosis sa iyong katawan.
- Hindi masasabi ng pagsusuri kung ikaw ay may aktibong sakit na tuberkulosis.
- Kakailanganin mo ng mga karagdagang pagsusuri kung positibo ang pagsusuri ng iyong balat para sa TB.

Kung ikan ag may katanungan tumawag sa Departamento ng Kalusugan o sa inyong doctor.

Text - TB Control and Prevention Program, Division of Disease Prevention, Virginia Department of Health 11/8/02
www.vdh.virginia.gov/epidemiology/DiseasePrevention/Programs/Tuberculosis/index.htm

This work is licensed under the Creative Commons AttributionNonCommercial-NoDerivs License
<http://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/2.5/>

A Healthy Roads Media project

www.healthyroadsmedia.org

What is a TB Test? – Tagalog (Last Reviewed 10/2006)